San Diego Unified School District
Fact Sheet

Mga Programa at Patakaran sa Pagkukusang-loob

Ang Pangasiwaang Patakarang 4595 ng San Diego Unified School District ay nagpapahayag na ang nagkukusang-loob ay "isang taong palaging gumagawa sa paaralan o sa ibang lugar ng pag-aaral na tumutulong sa mga bihasang gawain." Mahigit na 26,000 nagkukusang-loob ang kasalukuyang tumutulong sa magkakaibang gawain sa distrito. Ang mga nagkukusang-loob ay kabilang ang mga magulang, kasamahang mangangalakal/sambayanan, kasapi ng bayan, ang mga nasa hukbo, mag-aaral sa kolehiyo, mag-aaral ng K-12, at mga matatandang mamamayan na kinatawan ng sakop sa pamumuhay, lipunan, lahi/kabihasnan, banal at may karunungang karanasan sa loob ng bayang San Diego.

Kabilang sa mga Pagkakataong Pagkukusang-loob:

- Pagtuturo
- Pagpapayo
- Pagtulong sa silid-aralan
- Umiikot na Tagabasa
- Pasinaya sa paaralan/silid-aralan kagaya ng pagdiriwang, jog-a-thon, araling-paglalakbay
- Mga Programa bago/pagkatapos ng pag-aaral
- Tulong na walang kinalaman sa silid-aralan (tanggapan, aklatan, atbp.)
- Lupong tagahatol para sa mga gawain ng mag-aaral
- Samahan at lupon ng paaralan/bayan kagaya ng koponang nangangasiwa sa paaralan, batayan, PTA
- Kusang Tumutulong sa Pagpapatrol ng Pulis sa Paaralan (Patrol ng Magulang)
- Programang OASIS Intergenerational Tutoring

KABUUAN

- **Higit na 26,000 nagkukusang - loob**
- **Noong 2006 -07, ang mga nagkusang-loob ay may naitalang 99,000 oras, na kapantay ng halagang halos $18,600,000 (batay sa bawa't oras na $18.77 itinakda ng Independent Sector)**
- **Lahat ng nagkukusang-loob ay kailangang magbigay ng aplikasiyon ng pagkukusang -loob at masuri sa sakit na tuberkulusis.**
- **Ang mga nagkukusang-loob ay maaaring masita ang pagkatao at makunan ng pagpapaprinta ng mga daliri.**

Lahat ng nagkukusang-loob na tumulong ay hinahanapang tapusin ang aplikasiyon sa pagkukusang-loob at masuri sa tuberkulusis. Ang pagpapaprinta sa mga daliri ay hindi kailangan sa mga nagkukusang-loob, subali't, ang mga paaralan ay maaaring siyasatin ang pagkatao at maghanap ng pagpapaprinta ng mga daliri sa mga nagkukusang-loob na tutulong, batay sa mga gawaing paglalagyan sa mga ito. Ang pagtanggap bilang nagkukusang-loob sa pagtulong ay batay sa mga katangian, nguni't hindi humahangga sa:

- Walang talaan ng nagawang paglabag sa batas ng California
- Isang tapos na aplikasiyon sa kusang-pagtulong na iniingatan sa San Diego Unified School District
- Walang sakit na Tuberkulosis (Tunghayan ang SDUSD Administrative Procedure 7065)
- Magandang paninindigan, pagnanais at pagkahaling na gumawa kasama ang mga bata
- Kakayahang makipagtulungan sa mga kagawad ng paaralan at palaging nakikilahok
- Kakayahan sa magandang pakikipag-usap, magandang pag-uugali, mapagkakatiwalaan, malusog at malinis sa pangangatawan

Ang Community Relations Department ay nagbibigay ng tulong at pagsasanay na mapangasiwaan ang mga programang pagkukusang-loob. Ang mga nangangasiwa sa pagkukusang-loob sa mga paaralan ay dumadalo sa mga pulong at pagsasanay na nagbibigay ng mahahalagang kaalaman, aklat at paraan at pagkukunan ng mga tulong na magpapalakas at suporta ng bayan at pagsisikap mula sa mga magulang sa mga paaralan.

Lahat ng pagkukusang-loob na gawain ay nangyayari sa ilalim ng pamatnugot ng isang itinakdang guro, tagapangasiwa ng mga nagkukusang-loob sa paaralan, o punong-guro/ikalawang punong-guro. Ang mga nagkukusang-loob ay dapat sumunod sa mga patakaran ng paaralan. Ang mga nagkukusang-loob ay hindi tumatanggap ng bayad o anumang bigay-pala maliban sa upa ng trabahador na nakalagay sa Labor Code Section 3364.5.

Tatawagan sa mga Kaalaman: Community Relations Department: (619) 725-5594
http://www.sandi.net/depts/comm_relations/volunteer.html
Revised 7/1/08